

## Balik Scientist ng DOST-ASTI nagbahagi ng mga karanasan, kaalaman

Ni David Matthew C. Gopilan, DOST-STII

**D**iliman, Quezon City – Sa pagtatapos ng 90 araw bilang isang short-term Balik Scientist ng Department of Science and Technology (DOST), ibinahagi ni Dr. Jose Ildefonso U. Rubrico ang kanyang karanasan at mga naiambag sa DOST-Advanced Science and Technology Institute (ASTI), na kanyang host institution noong 14 Pebrero 2018 sa ASTI Training Room.

Isang eksperto sa robotics, artificial intelligence at machine learning (AI/ML) si Dr. Rubrico. Sa kasalukuyan, post-doctoral researcher din siya sa University of Tokyo, ang isa sa mga nangungunang unibersidad sa Japan. Dito rin niya natamo ang kanyang doctorate degree sa engineering at robotics. Bago nito, itinatag niya ang Mobile Robotics Laboratory ng Electrical and Electronics Engineering Institute ng University of the Philippines Diliman habang nagtuturo doon.

Isa sa kanyang mga gawain sa DOST-ASTI ay ang pagbuo ng Project ALaM (ASTI Labelling Machine). Ayon kay Dr. Rubrico, ito ay isang “prototype classifier” na nagbibigay ng pangalan at may kakayahang kumilala ng mga bagay mula sa satellite images ng mga lungsod sa pamamagitan ng machine learning. Naiisip niya na maaaring magamit ang data mula sa Project ALaM sa road management

sundan sa pahina 2

## Mga Nilalaman

Philippine Innovation Week idinaos sa bansa.....	p3
Dalawang dekada ng Pisay ipinagdiwang.....	p4
LarawaNews.....	p4

## Ugnayang DOST at Felta para sa Center for the Arts in Science and Technology

Ni Judy Q. Aca-Saclamitao, DOST-STII



Lumagda ng Memorandum of Agreement para sa Center for the Arts in Science and Technology (CAST) ang Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII) at Felta Multi-Media, Inc. Ipinakita nina DOST-STII Director Richard P. Burgos at FELTA President at Chief Executive Officer Mylene R. Abiva ang donation set ng LEGO EV3 at yoga laptop mula sa pribadong kumpanya. (Teksto at Larawan ni Judy Q. Aca-Saclamitao, DOST-STII).

**U**pang maisakatuparan ang patuloy na pagtataguyod ng Center for the Arts in Science and Technology (CAST), isang ugnayan mula sa Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII) at FELTA Multimedia, Inc. ang

isinagawa noong ika-lima ng Pebrero 2018 sa DOSTv Studio, Diliman, Quezon City.

“The realization of the CAST project will not be possible without engaging ourselves with various partners like Felta who can provide us with educational materials and training sessions that can help modernize

sundan sa pahina 2

our library,” ani DOST-STII Director Richard P. Burgos.

Ang Felta ay isang pribadong kumpanya na may limang dekada nang karanasan sa larangan ng edukasyon kaugnay ang mga pampubliko at pribadong mga paaralan sa ating bansa. Kilala rin ito sa kanyang pakikipag-ugnayan sa mga bantog na multimedia publishers at manufacturers sa buong daigdig.

Kaakibat sa tatlong taong Memorandum of Agreement (MOA) na nilagdaan ng DOST at Felta ang pagbibigay ng huli ng Lego EV3 at Yoga laptops, mga pagsasanay sa CAST, at mga webinar gamit ang DOSTv studio. Samantala, ang DOST ay eksklusibong makikipag-ugnayan sa naturang pribadong kumpanya ng Lego Robotics at study tablet.

Mabibigyan naman ang Felta ng mga booth sa mga DOST event tulad ng National Science and Technology Week na itinatanghal tuwing Hulyo. Maaari ring magamit ng Felta ang mga pasilidad ng CAST at DOSTv para sa mga napagkasunduang gawain ng dalawang institusyon.

“Many students have become so interested in robotics. It would be good to provide them with demo activities, with educational materials they could use each time they visit us,” wika ni Burgos.

“If DOST is into science for the people, it is robotics for all of us in Felta,” sambit naman ni Felta President and Chief Executive Officer Mylene R. Abiva.

Ang Felta ay ang pambansang organizer ng Philippine Robotics Olympiad, isang taunang kompetisyon na humihikayat sa mga mag-aaral na maging susunod na siyentipiko, imbentor, at inhinyero para sa bansa. Layunin ng grupo na paunlarin ang science, technology, at mathematics sa mga kabataang nasa elementarya man at hayskul.

Ang pakikipagtulungan ng dalawang institusyon ay naglalayong mailapit ang siyensya at teknolohiya sa mga komunidad sa buong Pilipinas.

Sa Marso ngayong taong ito, ilulunsad ng DOST-STII ang Center for the Arts in Science and Technology (CAST). Bukod pa sa Felta, katuwang rin ng DOST ang mga sumusunod na organisasyon: Telstra Foundation, PuzzleBox 3D (reseller ng Ultimaker), Wacom Singapore Pte. Ltd., Philippine Business for Social Progress (PBSP), at Morph Animation, Inc. (Toon City).



Ibinahagi ni Dr. Jose Ildefonso U. Rubrico, Balik Scientist ng Department of Science and Technology-Advanced Science and Technology Institute (DOST-ASTI) ang kanyang kakayahan at karanasan sa artificial intelligence at machine learning upang mapalakas ang research agenda ng DOST-ASTI. (Teksto ni David Matthew C. Gopilan at Larawan mula sa DOST-ASTI).

*Balik Scientist...*

**Mula sa pahina 1**

at urban planning. “Part of the target applications that we are really interested in are disaster management and hazard maps,” dagdag ni Dr. Rubrico habang ipinapaliwanag ang iba pang potensyal ng proyekto.

Tumulong din si Dr. Rubrico sa paggabay sa mga miyembro ng AI/ML core team ng DOST-ASTI at sa pagsusulat ng mga scientific papers, pagpapalakas ng high performance computing platforms, data flow processing architecture, at datasets ng nasabing institusyon.

Wika naman ni Dr. Joel Joseph S. Marciano, acting director ng DOST-ASTI, si Dr. Rubrico ay ang kauna-unahang Balik Scientist ng kanilang institusyon sa nakalipas na 31 taon. Hinikayat din niya ang kanyang mga kasamahan na ituloy pa ang pakikipagtulungan ng DOST-ASTI sa iba pang mga Pilipinong siyentipiko na nasa ibang bansa dahil ayon kay Dr. Marciano, “knowledge is never stagnant.” Dagdag pa niya, “There is always a need to move forward advancing our own activities, stock knowledge and the tools that we use,” matapos niyang bigyang-diin ang pangangailangan na gamitin ang mga resources at makipagtulungan sa mga eksperto na makakatulong sa mga adhikain ng DOST-ASTI.

Hinihikayat ng Balik Scientist Program ang mga Pilipinong siyentipiko na kasalukuyang

nasa ibang bansa na bumalik sa Pilipinas at manilbihan sa isang host institution. Ang isang Balik Scientist ay maaaring manatili sa bansa sa loob ng isang short-term o long-term basis. Layunin ng DOST na mapabilis ang scientific, agro-industrial, at economic development ng bansa sa pamamagitan ng naturang programa.

**ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD**  
Editor-in-Chief

**JASMIN JOYCE P. SEVILLA**  
Managing Editor

**JAMES B. INTIA**  
Layout Artist

**RODOLFO P. DE GUZMAN**  
Proofreader

**ALLAN MAURO V. MARFAL**  
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.



# Philippine Innovation Week idinaos sa bansa

Ni Laurence M. San Pedro, *DOST-STII*

**S**inasabing ang innovation ang dahilan ng mabilis na pag-unlad ng mundo sa kasalukuyang panahon. Sa pagsasama ng mga makaluma at makabagong ideya, mas napapaigting ang pagbuo ng solusyon sa mga suliranin na kinahaharap ngayon ng pandaigdigang ekonomiya. Maituturing din na ang innovation ay isang proseso kung saan mapagtutuunang-pansin ang pagiging mahusay, produktibo, at epektibo ng mga manggagawa sa iba't ibang larangan sa industriya.

Idineklara ang ika-19 hanggang 23 ng Pebrero 2018 bilang "Philippine Innovation Week" (PIW) sa pamamagitan ng Proclamation No. 172 para maihatid sa publiko ang kahalagahan ng mga naging pagbabago sa bansa. Gamit ang temang "Innovation for

Learning and Development," ang linggong ito ay sama-samang ipinagdiriwang ng Benita and Catalino Yap Foundation (BCYF), Department of Science and Technology (DOST), at SyCip Gorres Velayo (SGV) & Co.

"I am pleased to support any initiative that highlights the importance of innovation in dealing with the challenges and uncertainties of the present, wherein change is the norm," ani DOST Secretary Fortunato T. de la Peña. Dagdag pa niya, "The Philippine Innovation Week dovetails with the DOST's advocacy toward harnessing the forces that will enable us to use our collective S&T talent on the road to national growth and the build-up of our technological capability."

Binigyang-diin ni BCYF Chair Antonio S. Yap ang kahalagahan ng edukasyon at

pagtatapos sa pag-aaral bilang pundasyon ng isang bansa tungo sa isang maayos na sistema ng pagbabago at kaunlaran. "The country's most important resource is its people, and the sooner they are trained and immersed to become innovative and forward-looking, the better our country's chances in catching up with the rest of the developed world," ani Yap.

Kasama sa pagdaraos na ito ay ang PIW Innovation Forum na ginanap noong ika-19 ng Pebrero sa DOST-PHIVOLCS Auditorium sa Diliman, Quezon City. Kaakibat ng layunin sa pagbabago ang mga paksang tinalakay dito ay nagmula sa larangan ng edukasyon, pamahalaan, at pribadong sector. (*Impormasyon mula kay Alan C. Taule, DOST-STII*)



Ibinigay nina Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato T. de la Peña (kaliwa), Benita and Catalino Yap Foundation (BCYF) Founder and Chairman Antonio S. Yap (kanan), at SyCip Gorres Velayo (SGV) & Co. Head of Learning and Development Clairma T. Mangangey (ikalawa mula kanan) ang certificate of appreciation kay Winston A. Chan (ikalawa mula kaliwa), Retired SGV Partner and Former Head of SGV/EY Advisory, bilang isa sa panel reactors sa Innovation Forum na ginanap noong ika-19 ng Pebrero 2018 sa PHIVOLCS Auditorium. (*Teksto ni Laurence M. San Pedro at Larawan ni Gerardo G. Palad, DOST-STII*).



# Dalawang dekada ng Pisay ipinagdiwang



Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII



Kinilala ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato T. de la Peña ang mga naging kontribusyon sa bansa ng Philippine Science High School System o Pisay sa loob ng dalawang dekada. (Teksto ni Allan Mauro V. Marfal at Larawan ni Henry A. de Leon, DOST-STII)

**S**a dalawampung taon ng Philippine Science High School System o mas kilala bilang Pisay, ang mga naging mag-aaral nito ang maituturing na pinakamahalagang kontribusyon nito sa bansa.

Ito ang ibinahagi ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato T. de la Peña sa pagdiriwang ng ika-20 anibersaryo ng Pisay noong 09 Pebrero 2018 sa Philippine

International Convention Center sa Lungsod ng Pasay.

“Mula nang itayo ang kauna-unahang kampus ng Pisay sa Quezon City, iisa lang naman ang layunin nito, ang humubog ng mga batang Pilipino na balang araw ay magiging scientists, engineers, at mga doktor at ilalaan ang kanilang kaalaman upang tulungang paunlarin ang kanilang lugar na pinagmulan,” sabi ni Sec. de la Peña.

Ayon din sa kalihim, sa ganitong aspeto ay masasabing naging matagumpay ang Pisay, kung saan ang ilan sa mga tinitingalang opisyal ng pamahalaan, siyantipiko, at propesor sa iba’t ibang unibersidad at kolehiyo sa bansa ay mga produkto ng Pisay.

“Sa iba’t ibang pamamaraan, sinusuklian ng mga naging mag-aaral ng Pisay ang oportunidad na ipinagkaloob sa kanila, kagaya nang pagsasaliksik ng mga bagay na magpapadali sa pamumuhay ng bawat Pilipino at pagsisilbi sa mga unibersidad at kolehiyo sa bansa kung saan ibinabahagi nila ang kanilang kaalaman sa mga kabataang nangangarap na maging magaling na siyantipiko”, ani Sec. de la Peña.

Sa kasalukuyan, mayroong 7,882 mag-aaral ang Pisay sa labing-anim na kampus nito sa buong bansa.

Ayon kay Lilia T. Habacon, executive director ng Pisay, maraming positibong epekto ang naidudulot ng pagkakaroon ng mga Pisay campus sa halos lahat ng rehiyon sa bansa.

“The presence of Pisay campuses in different regions in the country is very vital to bring inclusive development in the regions. Exposing young locals to the importance of different applications and capabilities of science and technology in addressing the limitations of their areas could encourage and inspire them more to become scientists, engineers, and innovators someday”, sabi ni Habacon.

Samantala, ibinahagi rin ni Habacon na sa mga nakalipas na taon, ay patuloy na nagbibigay ng karangalan ang mga mag-aaral ng Pisay sa iba’t ibang kompetisyon sa labas ng bansa, partikular na sa larangan ng robotics at math olympiad.

## LarawaNEWS

Ipinagmalaki ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato T. de la Peña (gitna) ang Bantog Trophy na siyang igagawad sa mga mananalo sa Bantog: The Science for the People Media Awards. Ito ay ginanap noong ika-26 ng Pebrero 2018 sa Sequoia Hotel, Diliman, Quezon City. Kasama sina DOST Assistant Secretary for Finance and Legal Affairs Atty. Emmanuel S. Galvez (kanan), DOST-Science and Technology Information Institute (STII) Director Richard P. Burgos (pangalawa mula sa kanan), DOST-Technology Application and Promotion Institute (TAPI) Director Edgar I. Garcia (pangalawa mula sa kaliwa), at DOST-STII Communications Resources and Production Division Chief Dr. Aristotle P. Carandang (kaliwa) sa pagpapakita ng tropeyo kung saan dinaluhan ng mga media partner ng DOST. Gaganapin sa ika-28 ng Setyembre 2018 ang naturang DOST media award. Bukod sa tropeyo, ang mga mananalo sa mga indibidwal na kategorya ay magkakamit ng karagdagang cash prize na P25,000 hanggang P100,000. (Teksto ni Mark Francis S. España at Larawan ni Gerardo G. Palad, DOST-STII).

